ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# PAGTATASA NG PORMAL NA PAGPAPAHAYAG AT SALITANG BALBAL SA AKADEMIKONG PAGSULAT AT PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

**Ana Gliza Hernandez Comendador**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang pagtatasa ng pormal na pagpapahayag at paggamit ng salitang balbal kaugnay ng akademikong pagsulat at pagganap ng mga mag-aaral. Tinutukoy nito ang antas ng pormal na pagpapahayag batay sa kalinawan ng ideya, gramatika, at pormalidad, gayundin ang paggamit ng salitang balbal ayon sa dalas, anyo, at konteksto. Sinusuri rin ang antas ng akademikong pagsulat at pagganap sa pasulat na pagsusulit. Layunin din ng pag-aaral na alamin kung may makabuluhang kaugnayan at epekto ang pormal na pagpapahayag at salitang balbal sa akademikong pagsulat at pagganap ng mga mag-aaral.*

*Gumamit sa pananaliksik na ito ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo upang matukoy ang antas ng mga baryabol at ang ugnayan ng mga ito sa pagganap ng mga mag-aaral sa pasulat na pagsusulit. Kabilang sa mga respondente ang 100 piling mag-aaral sa Baitang 8 ng Linga National High School sa Brgy. Linga, Pila, Laguna, na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ginamit ang talatanungan at pasulat na pagsusulit upang masukat ang antas ng pormal na pagpapahayag at paggamit ng salitang balbal. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang mean, standard deviation, Pearson Product-Moment Correlation Coefficient, at Analysis of Variance (ANOVA).*

*Batay sa pinagsamang datos ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Akademikong Pagsulat ng mga mag-aaral na may berbal na interpretasyonng Lubhang Mabisa ay ipinakita ng resulta na mataas ang antas ng Pormal na Pagpapahayag at Akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa lahat ng sinuring aspeto. Samantalang sa pinagsamang datos ng Pagtatasa ng Salitang Balbal na may berbal na interpretasyong Mabisa. Ipinakita nito sa pangkalahatan na epektibo ang paggamit ng salitang balbal sa iba't ibang aspeto. Sa pangkalahatang pagganap sa pasulat na pagsusulit ay Outstanding.*

*Isinasaad nito na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Akademikong Pagsulat kung kaya't ang unang haypoteses ay hindi tinanggap. Nangangahulugan lamang ito na ang madalas na paggamit at wastong aplikasyon ng pormal na wika at salitang balbal ay nakapagpapabuti sa akademikong pagsulat at pangkalahatang pagganap ng mag-aaral. Isinasaad din ng pag-aaral na may makabuluhang epekto ang Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Pagganap ng mga Mag-aaral kaya naman ang ikalawang haypoteses ay hindi tinanggap. Sa kadahilanang ito ay nagpapakita na ang kasanayan sa wika ay may direktang impluwesiya sa kanilang akademikong resulta.*

*Inirerekomenda sa mga mag-aaral ang pagpapatuloy ng pagsasanay sa malinaw at organisadong pormal na pagpapahayag, gayundin ang wastong paggamit ng salitang balbal sa angkop na konteksto, upang higit pang mapaunlad ang kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.*

**SUSING SALITA***: Pormal na Pagpapahayag, Salitang Balbal, Akademikong Pagsulat, Pagganap ng Mag-aaral, Filipino*

## 1. PANIMULA

Ang wika ay isa sa pinakamahalagang sandata ng tao sa pakikipag-ugnayan at pagpapahayag ng saloobin, kaisipan, nararamdaman at kultura. Ito rin ang ginagamit sa pagpapasa ng kaalaman at napapanatili ang identidad ng isang lahi.

Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino (2016), ang wika ay mahalagang kasangkapan sa paglinang ng pambansang identidad at intelektuwal na pag-unlad ng mamamayan, lalo na sa larangan ng edukasyon at pananaliksik.

Gumagamit tayo ng wika upang magkaintindihan sa pakikipag-usap. Sinasabi ng maraming mananaliksik at dalubwika na ang wika ay dinamiko. Sumasabay ito sa mabilis na pagbabago ng mundo sang-ayon sa mga pangangailangan ng lipunan at ng sitwasyong pangwika. Sa paglipas ng panahon, ang wika ay patuloy na nagbabago kasabay ng mga pagbabagong panlipunan, pangkultura, at pangteknolohiya. Sa kasalukuyan, maraming wika ang nagsusulputan sang-ayon sa kung paano ito ginagamit ng lipunan. Maraming uri ng wika ang nabubuo gaya ng bekimon, conyo, gay lingo o mga salitang balbal. Ang mga ito ay ang mga wikang ginagamit ng mga mag-aaral na kung hindi masasabayan ay magiging malaking hadlang sa larangan ng komunikasyon hindi lamang sa tahanan pati na rin sa paaralan. Isa sa mga malinaw na manipestasyon ng pagbabagong ito ay ang paggamit ng mga salitang balbal, na madalas ginagamit ng kabataan sa kanilang araw-araw na pakikipagtalastasan sa paraang pasalita man o pasulat.

Ang pormal na pagpapahayag ay isang uri ng paggamit ng wika na maingat, maayos, at gumagamit ng mga salitang pamantayan o pampanitikan. Karaniwang ginagamit ito sa akademikong sulatin, opisyal na usapan, pananaliksik, talumpati, at iba pang sitwasyong nangangailangan ng mataas na antas ng wika.

Ang salitang balbal ay tinatawag ding slang sa Ingles. Nanggagaling ang mga salitang ito sa mga grupo ng mga tao na ginagamit ang mga salita upang magkaroon ng sariling codes. Dagdag pa, ang isang wika ay maaaring nadaragdagan ng mga bagong bokabularyo bunga ng pagiging malikhain ng mga tao, maaaring sila ay nakalilikha ng mga bagong salita. Ayon kina Mijares et al. (2024), ang paggamit ng cyber slang o salitang balbal ay bahagi na ng pang-araw-araw na komunikasyon ng mga mag-aaral, lalo na sa social media at online na interaksiyon. Bagama't nakatutulong ito sa pagpapahayag ng identidad at pagiging malikhain ng kabataan, maaari rin itong makaapekto sa pormal na estilo ng akademikong pagsulat kapag hindi nagagamit nang naaayon sa konteksto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang akademikong pagsulat ay isang uri ng diskurso na nangangailangan ng malinaw, maayos, at pormal na pagpapahayag ng kaisipan. Ito ay may layuning makapaghatid ng impormasyon at ideya nang lohikal, organisado, at walang halong emosyonal o impormal na wika. Sa kabilang banda, ang paggamit ng salitang balbal ay nakapupukaw ng atensyon ngunit hindi ito angkop sa konteksto ng akademikong komunikasyon. Dahil dito, nagiging mahalagang usapin ang pagsusuri kung paanong ang paggamit ng balbal na wika ng mga mag-aaral, na nakaaapekto sa kanilang kasanayan at kahusayan sa pormal na pagpapahayag. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbigay-linaw sa ugnayan ng balbal na wika at akademikong pagsulat, gayundin ay makapaglatag ng rekomendasyon para sa mas epektibong pagtuturo ng Filipino sa Junior High School.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay upang malaman ang Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Akademikong Pagsulat at Pagganap ng mga mag-aaral na nasa Ikawalong Baitang.

Ninais masagot ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang antas ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag ng mga Mag-aaral batay sa:
   1.1. Kalinawan ng Ideya;
   1.2. Kaayusan ng Gramatika;
   1.3. Antas ng Pormalidad;
   1.4. Kahusayan sa Pakikipagtalastasan; at
   1.5. Pag-unawa sa Pagpapahayag?
2. Ano ang antas ng Pagtatasa ng Salitang Balbal ng mga Mag-aaral batay sa:
   2.1. Dalas ng Paggamit ng Salita;
   2.2. Anyo ng Paggamit;
   2.3. Konteksto ng Salita; at
   2.4 Uri ng Kausap?
3. Ano ang antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral bataysa:
   3.1. Paggamit ng Tamang Bokabularyo;
   3.2. Kaayusan ng Estruktura ng Sulatin;
   3.3. Paggamit ng Pormal na Estilo;
   3.4. Kalidad ng Lohikal na Pagbuo ng Ideya; at
   3.5. Pormalidad ng Sulatin?
4. Ano ang antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pasulat na Pagsusulit?
5. May makabuluhang kaugnayan ba ang Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Akademikong Pagsulat?
6. May makabuluhang epekto ba ang Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Pagganap ng mga Mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Gumamit sa pananaliksik na ito ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo upang matukoy ang antas ng mga baryabol at ang ugnayan ng mga ito sa pagganap ng mga mag-aaral sa pasulat na pagsusulit. Kabilang sa mga respondente ang 100 piling mag-aaral sa Baitang 8 ng Linga National High School sa Brgy. Linga, Pila, Laguna, na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ginamit ang talatanungan at pasulat na pagsusulit upang masukat ang antas ng pormal na pagpapahayag at paggamit ng salitang balbal. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang mean, standard deviation, Pearson Product-Moment Correlation Coefficient, at Analysis of Variance (ANOVA).

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng masusing pagsusuri sa mga nakalap na datos na may kaugnayan sa pagtatasa ng pormal na pagpapahayag at salitang balbal sa akademikong pagsulat at pagganap ng mga mag-aaral.

Sa bahaging ito, inilalatag ang mga resulta ng pag-aaral batay sa mga tiyak na layunin, na siyang naging batayan sa pag-oorganisa ng mga datos sa pamamagitan ng talahanayan upang maging mas sistematiko, malinaw, at kapani-paniwala ang pagsusuri.

Tinututukan din sa kabanatang ito ang pagsusuri sa antas ng pormal na pagpapahayag batay sa mga dimensyon nito tulad ng kalinawan ng ideya, kaayusan ng gramatika, at antas ng pormalidad, gayundin ang pagtalakay sa paggamit ng salitang balbal sa konteksto ng akademikong pagsulat. Sa pamamagitan nito, natutukoy kung paano naaapektuhan ng mga baryabol ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Higit pa rito, isinagawa ang interpretasyon ng mga datos sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral upang mabigyang-linaw ang mga natuklasan. Ang mga pagsusuring inilatag ay nagsisilbing batayan sa pag-unawa sa ugnayan ng pormal na pagpapahayag, paggamit ng salitang balbal, at akademikong pagganap ng mga mag-aaral, na mahalaga sa pagbuo ng kongklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral.

### Antas ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag ng mga Mag-aaral

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng pagtatasa ng pormal na pagpapahayag ng mga mag-aaral ayon sa kalinawan ng ideya. Layunin nitong matukoy kung gaano kabisa ang kanilang kakayahan sa malinaw at organisadong paglalahad ng kaisipan gamit ang pormal na wika. Ang mga resulta ay batay sa mean, standard deviation, at berbal na interpretasyon ng kanilang mga tugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1.**
***Antas ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag ng mga Mag-aaral Ayon sa Kalinawan ng Ideya***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang mensahe sa pormal na pagpapahayag ng ideya.* | 4.35 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natataya ang epektibong komunikasyon kapag malinaw ang ideya.* | 4.25 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag nang malinaw ang mensahe sa organisadong paglalahad ng ideya.* | 4.39 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng malinaw na ideya sa gamit ang pormal na pagpapahayag.* | 4.33 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuti ang pormal na pagpapahayag upang maiwasan ang kalabuan ng ideya.* | 4.30 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.32 | | |
| *SD* | 0.42 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Batay sa resulta, ang lahat ng mga pahayag ay nakakuha ng mataas na mean scores na nasa hanay na 4.25 hanggang 4.39 na may katumbas na "Lubos na Sumasang-ayon." Pinakamataas ang pahayag na "Naipaliliwanag nang malinaw ang mensahe sa organisadong paglalahad ng ideya" (M = 4.39, SD = 0.62), samantalang pinakamababa naman ang pahayag na "Natataya ang epektibong komunikasyon kapag malinaw ang ideya" (M = 4.25, SD = 0.73).

Ang kabuuang weighted mean na 4.32 na may standard deviation na 0.42 ay may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa," na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kakayahan sa pormal na pagpapahayag, partikular sa aspeto ng kalinawan ng ideya. Ipinapakita nito na epektibong naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga kaisipan sa paraang organisado at madaling maunawaan, na mahalaga sa akademikong pagsulat.

Sa kabuuan, lumilitaw na ang kalinawan ng ideya ay isang malakas na indikasyon ng epektibong pormal na pagpapahayag ng mga mag-aaral. Ang mataas na antas ng pagtanggap sa bawat pahayag ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may kakayahang makabuo at makapagpahayag ng malinaw na mensahe sa akademikong konteksto, na mahalaga sa kanilang pangkalahatang pagganap sa pagsulat.

Batay sa datos, ang kabuuang Weighted Mean na 4.28 at SD na 0.49 ay may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa." Ipinahihiwatig nito na mataas ang antas ng pagtatasa ng mga mag-aaral sa pormal na pagpapahayag batay sa kaayusan ng gramatika.

Karamihan sa mga pahayag ay nakatanggap ng deskripsyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapakita na kinikilala ng mga mag-aaral ang mahalagang papel ng wastong gramatika sa malinaw at epektibong komunikasyon.

Pinakamataas ang mean na 4.35 sa pahayag na "Natutukoy ang maayos na gramatika sa propesyonal na pagpapahayag," na nagpapakita ng kamalayan ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng wastong paggamit ng wika sa pormal na konteksto.

**Talahanayan 2.**
***Antas ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag ng mga Mag-aaral Ayon sa Kaayusan ng Gramatika***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang maayos na gramatika sa propesyonal na pagpapahayag.* | 4.35 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapalinaw ang tamang gramatika sa pormal na pahayag.* | 4.27 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang maayos na gramatika sa pagiging epektibo ng pahayag.* | 4.33 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang pormal na pagpapahayag ng masusing paggamit ng gramatika.* | 4.19 | 0.80 | Sumasang-ayon |
| *Napadadali ng wastong gramatika ang pag-unawa sa mensahe.* | 4.28 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.28 | | |
| *SD* | 0.49 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Samantala, ang pahayag na "Nagagamit ang pormal na pagpapahayag ng masusing paggamit ng gramatika" ay may pinakamababang mean na 4.19 na may interpretasyong "Sumasang-ayon." Ipinahihiwatig nito na bagaman kinikilala ang kahalagahan ng gramatika, maaaring may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng higit na pagsasanay sa aktwal na paggamit nito.

Ang SD na 0.49 ay nagpapakita ng relatibong pagkakapare-pareho ng mga tugon, bagaman may bahagyang baryasyon sa ilang pahayag.

Ipinapakita nito na kinikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng wastong paggamit ng gramatika sa pormal na pagpapahayag upang maging malinaw at epektibo ang komunikasyon.

Mataas din ang pagkilala ng mga mag-aaral sa epekto ng pormalidad sa kanilang imahe, kung saan ang pahayag ukol sa pagtaas ng kredibilidad ay nagtamo ng mean na 4.29. Gayunpaman, ang pagpili ng tiyak na salita ayon sa sitwasyon ay nakakuha ng pinakamababang mean na 4.13, bagaman ito ay nasa antas pa rin ng "Sumasang-ayon." Ang nakuha nating Weighted Mean na 4.27 (SD = 0.55) ay nagpapatunay na ang antas ng pormal na pagpapahayag ayon sa pormalidad ay Lubhang Mabisa.

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng sociolinguistic competence o ang kakayahang iangkop ang wika sa hinihingi ng pagkakataon. Naniniwala ang mga kalahok na ang pagpapanatili ng pormalidad ay hindi lamang usapin ng pagsunod sa tuntunin, kundi isang paraan upang mapatibay ang kanilang kredibilidad at bisa bilang mga komunikatór.

Dahil ang pangkalahatang interpretasyon ay Lubhang Mabisa, masasabing ang mga mag-aaral ay epektibong nakagagamit ng pormal na wika at may kakayahang magsuri kung ang isang pahayag ay angkop o hindi para sa isang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

akademikong kapaligiran. Ang resultang ito ay nagpapakita ng kahandaan ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pakikipagtalastasan.

**Talahanayan 3.**
***Antas ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag ng mga Mag-aaral Ayon sa Antas ng Pormalidad***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiaangkop ang pormal na wika sa akademiko at propesyonal na konteksto.* | 4.42 | 0.83 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapataas ng kredibilidad ng nagsasalita o manunulat ang paggamit ng pormal na wika.* | 4.29 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napipili ang angkop na salita ayon sa sitwasyon at antas ng pormalidad* | 4.13 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| *Nakabubuti ang bisa ng komunikasyon sa pamamagitan ng wastong antas ng pormalidad."* | 4.30 | 0.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang paggamit ng impormal na salita sa pormal na pagpapahayag.* | 4.25 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.27 | | |
| *SD* | 0.55 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang tamang paggamit ng wika, na kinabibilangan ng mga aspeto tulad ng pagbabaybay, paggamit ng bantas, morpolohiya at sintaksis, ay kumakatawan sa mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa kasalukuyan. Ang mga hamong ito na may kaugnay sa pagbabasa at pagsulat ay lumaganap sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang sekondaryang paaralan.

**Talahanayan 4.**
***Antas ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag ng mga Mag-aaral Ayon sa Kahusayan sa Pakikipagtalastasan***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakapagpapahayag nang maayos na ideya kapag gumagamit ng pormal na wika.* | 4.49 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang pormal na pagpapahayag sa mabisang pakikipagtalastasan.* | 4.33 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag nang malinaw ang pag-unawa sa dalawang panig sa pamamagitan ng pormal na pagpapahayag.* | 4.43 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipamamalas ang kahusayan sa pakikipagtalastasan kapag wasto ang paggamit ng pormalidad.* | 4.37 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapahusay ang pormal na pagpapahayag sa pagiging epektibo ng komunikasyon* | 4.32 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.39 | | |
| *SD* | 0.48 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng pagtatasa ng pormal na pagpapahayag ng mga mag-aaral sa aspeto ng kahusayan sa pakikipagtalastasan. Sinusukat nito kung paano nakatutulong ang pormal na wika sa daloy at kalinawan ng palitan ng impormasyon.

Ang pahayag na "Nakapagpapahayag nang maayos na ideya kapag gumagamit ng pormal na wika" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.49 (SD = 0.76). Ang resultang ito ay may punang "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na mas nagiging kompiyansa at organisado ang mga mag-aaral sa paglalabas ng kanilang saloobin kapag pormal ang ginagamit na antas ng wika.Kapansin-pansin din ang mataas na mean na 4.43 sa kakayahang maipaliwanag nang malinaw ang pag-unawa sa dalawang panig. Ito ay nagpapatunay na ang pormal na pagpapahayag ay nagsisilbing tulay upang maiwasan ang kalituhan sa pagitan ng mga nag-uusap.

Ang nakuha nating Weighted Mean na 4.39 (SD = 0.48) ay nagpapatunay na ang antas ng pormal na pagpapahayag ayon sa kahusayan sa pakikipagtalastasan ay Lubhang Mabisa.

Sa kabuuan, ang mga datos sa Talahanayan 4 ay nagpapakita na ang pormal na pagpapahayag ay isang makapangyarihang kagamitan (tool) sa pagpapaunlad ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Hindi lamang ito limitado sa pagsunod sa estruktura, inat direkta itong nakaaapekto sa kung gaano kabilis at kagaang natatanggap ng kausap ang mensahe.

Dahil ang pangkalahatang interpretasyon ay Lubhang Mabisa, mahihinuha na ang wastong paggamit ng pormalidad ay nagbubunga ng mas mataas inatunaya ng diskurso. Ang ganitong antas ng kahusayan ay indikasyon na ang mga mag-aaral ay hindi lamang marunong magsalita, inat marunong gumamit ng wika upang maging epektibo at malinaw ang ugnayan sa kanilang kapwa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 5.**
***Antas ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag ng mga Mag-aaral Ayon sa Pag-unawa sa Pagpapahayag***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nailalahad nang malinaw ang mensahe kapag ginamit ang pormal na pagpapahayag.* | 4.45 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang maayos na pagbibigay-kahulugan ng ideya sa pang-unawa.* | 4.59 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natataya ang epekto ng kalinawan ng ideya sa pag-unawa ng mensahe.* | 4.27 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napadadali ang pag-unawa sa mga mahahalagang impormasyon kapag pormal na pagpapahayag ang ginamit.* | 4.41 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng mabilis na mensahe kapag ito ay inilahad sa pormal na paraan.* | 4.41 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.43 | | |
| *SD* | 0.45 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng pagtatasa ng pormal na pagpapahayag ng mga mag-aaral sa aspeto ng pag-unawa sa pagpapahayag. Sinusukat nito ang kakayahan ng pormal na wika na gawing mas madali at malinaw ang pagtanggap ng impormasyon. Ang pahayag na "Naipakikita ang maayos na pagbibigay-kahulugan ng ideya sa pang-unawa" ang nagtamo ng pinakamataas na mean na 4.59 (SD = 0.53). Ito ay may punang "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapatunay na ang pormal na paraan ng pagsasalita o pagsusulat ay lubos na nakatutulong upang mabigyan ng tamang interpretasyon ang mga ideya.

Ang lahat ng mga aytem sa kategoryang ito ay nakakuha ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon." Ang paglalahad ng malinaw na mensahe (Mean = 4.45) at ang pagpapadali ng pag-unawa sa mahahalagang impormasyon (Mean = 4.41) ay nagpapakita na ang pormalidad ay nagsisilbing gabay upang hindi maligaw ang tagapakinig o mambabasa sa daloy ng diskurso. Ang nakuha nating Weighted Mean na 4.43 (SD = 0.45) ay nagpapatunay na ang antas ng pormal na pagpapahayag ayon sa pag-unawa ay Lubhang Mabisa.

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapahiwatig na ang pormal na pagpapahayag ay may direktang positibong epekto sa kognitibong aspeto ng komunikasyon. Hindi lamang ito usapin ng pagiging "pormal," kundi usapin ng episinte at mabisang pagpasa ng karunungan. Kinikilala ng mga mag-aaral na mas mabilis at mas tumpak ang kanilang pag-unawa kapag ang impormasyon ay nakabalangkas sa pormal na paraan. Dahil ang pangkalahatang interpretasyon ay Lubhang Mabisa at ang Standard Deviation (0.45) ay mababa, malinaw na may pagkakaisa ang mga mag-aaral sa paniniwalang ang pormal na wika ay susi sa isang matalinong palitan ng mensahe. Ang ganitong resulta ay nagpapatibay sa kahalagahan ng pagtuturo at paggamit ng pormal na Filipino sa loob ng akademya upang matiyak ang mataas na kalidad ng unawaan.

Ang Talahanayan 6 ay ang sintesis ng lahat ng salik na nakakaapekto sa pormal na pagpapahayag ng mga mag-aaral. Pinagsasama nito ang mga datos mula sa Kalinawan ng Ideya, Kaayusan ng Gramatika, Antas ng Pormalidad, Kahusayan sa Pakikipagtalastasan, at Pag-unawa sa Pagpapahayag upang maipakita ang pangkalahatang antas ng kasanayan ng mga kalahok.

**Talahanayan 6.**
***Pinagsamang Talahanayan ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag ng mga Mag-aaral***

| *Mga Salik* | *Weighted Mean* | *SD* | *Berbal naInterpretasyon* |
|---|---|---|---|
| Kalinawan ng Ideya | 4.32 | 0.42 | Lubhang Mabisa |
| Kaayusan ng Gramatika | 4.28 | 0.49 | Lubhang Mabisa |
| Antas ng Pormalidad | 4.27 | 0.55 | Lubhang Mabisa |
| Kahusayan sa Pakikipagtalastasan | 4.39 | 0.48 | Lubhang Mabisa |
| Pag-unawa sa Pagpapahayag | 4.43 | 0.45 | Lubhang Mabisa |
| *Grand Mean* | 4.34 | | |
| *SD* | 0.48 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang salik ng Pag-unawa sa Pagpapahayag ang nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.43 (SD = 0.45). Sinundan ito ng Kahusayan sa Pakikipagtalastasan na may mean na 4.39. Ipinapakita nito na ang pinakamalakas na aspeto ng pormal na pagpapahayag para sa mga mag-aaral ay ang epekto nito sa pagkakaintindihan at mabisang palitan ng mensahe.

Ang lahat ng salik ay nagtamo ng interpretasyong "Lubhang Mabisa." Bagaman ang Antas ng Pormalidad ang may pinakamababang mean (4.27), nananatili pa rin itong napakataas at pasok sa kategoryang "Lubhang Mabisa," na nagpapahiwatig ng balanseng kasanayan sa lahat ng kategorya. Ang pangkalahatang Grand Mean na 4.34 (SD = 0.48) ay nagpapatunay na ang kabuuang antas ng pormal na pagpapahayag ng mga mag-aaral ay Lubhang Mabisa.

Sa kabuuan, ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng isang komprehensibong kahusayan ng mga mag-aaral sa pormal na pagpapahayag. Ang maliit na agwat sa pagitan ng mga mean ng bawat salik (mula 4.27 hanggang 4.43) ay nagpapahiwatig na ang mga kasanayang ito ay magkakaugnay at sabay-sabay na nalilinang sa mga mag-aaral.

Ang pangkalahatang interpretasyon na Lubhang Mabisa ay isang malakas na indikasyon na ang mga mag-aaral ay hindi lamang maalam sa teknikal na aspeto ng wika (tulad ng gramatika), kundi bihasa rin sa praktikal na aplikasyon nito sa pakikipagtalastasan at pag-unawa. Ang mababang Grand SD

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

na 0.48 ay nagpapatibay na ang positibong pagtatasa na ito ay pare-pareho sa kabuuan ng mga kalahok, na nagpapatunay sa pagiging epektibo ng pormal na pagpapahayag bilang pundasyon ng kanilang akademikong komunikasyon.

**Antas ng Pagtatasa ng Salitang Balbal ng mga Mag-aaral**

Ang bahaging ito ay naglalayong magbigay ng maikling pagpapakilala sa pagsusuri ng mga datos na inilahad sa mga naunang talahanayan. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagtatasa ng kakayahan ng mga mag-aaral sa dalawang magkaibang antas ng wika: ang Pormal na Pagpapahayag at ang paggamit ng Salitang Balbal. Sa pamamagitan ng mga sumusunod na kategorya, masusing sinuri ang epektibong paggamit ng wika.

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng pagtatasa ng mga mag-aaral sa paggamit ng salitang balbal batay sa dalas at konteksto ng paggamit nito. Ipinapakita nito kung paano isinasama ng mga mag-aaral ang impormal na antas ng wika sa kanilang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan.

**Talahanayan 7.**
***Antas ng Pagtatasa ng Salitang Balbal ng mga Mag-aaral Ayon sa Dalas ng Paggamit ng Salita***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naoobserbahan ang paggamit ng salitang balbal sa pang-araw-araw na usapan.* | 4.09 | 0.82 | Sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang wastong paggamit ng salitang balbal sa isang sitwasyong pangkomunikasyon."* | 4.11 | 0.78 | Sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang salitang balbal sa iba't ibang sitwasyon (usap, text, chat).* | 4.19 | 0.85 | Sumasang-ayon |
| *NaiIalapat ang tamang paggamit ng salitang balbal sa pakikipag-usap kasama ang kaibigan.* | 4.18 | 0.83 | Sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang epekto ng paggamit ng balbal sa paraan ng pakikipagkomunikasyon sa tao.* | 4.23 | 0.86 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.15 | | |
| *SD* | 0.64 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Mabisa | | |

Ang pahayag na "Nasusuri ang epekto ng paggamit ng balbal sa paraan ng pakikipagkomunikasyon sa tao" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.23 (SD = 0.86). Ito ang tanging aytem sa kategoryang ito na nakakuha ng punang "Lubos na sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na mulat ang mga mag-aaral sa impak ng ganitong uri ng wika sa kanilang pakikipagkapwa.

Ang mga pahayag tungkol sa paggamit ng balbal sa iba't ibang platform tulad ng text at chat (Mean = 4.19) at sa pakikipag-usap sa mga kaibigan (Mean = 4.18) ay parehong nakakuha ng interpretasyong "Sumasang-ayon." Ipinapakita nito na ang salitang balbal ay nananatiling bahagi ng kanilang social identity at impormal na komunikasyon. Ang nakuha nating Weighted Mean na 4.15 (SD = 0.64) ay nagpapatunay na ang antas ng paggamit ng salitang balbal ng mga mag-aaral ay Mabisa

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapakita na ang salitang balbal ay aktibong bahagi ng bokabularyo ng mga mag-aaral, lalo na sa mga impormal na usapan at digital na komunikasyon (chat/text). Bagaman mas mataas ang nakuhang mean ng pormal na pagpapahayag sa mga naunang talahanayan, ang resultang "Mabisa" para sa salitang balbal ay nagpapahiwatig na alam ng mga mag-aaral kung paano gamitin ang "wika ng lansangan" upang maging mas relatable at komportable sa kanilang mga kaedad. Kapansin-pansin na mas mataas ang mean sa pagsusuri ng epekto nito kaysa sa mismong obserbasyon sa araw-araw. Nangangahulugan ito na bagaman gumagamit sila ng balbal, mayroon silang kritikal na kamalayan sa limitasyon at implikasyon nito sa kabuuang proseso ng komunikasyon. Ang ganitong balanseng pananaw ay mahalaga upang mapanatili ang pagiging angkop ng wika sa iba't ibang sitwasyon.

**Talahanayan 8.**
***Antas ng Pagtatasa ng Salitang Balbal ng mga Mag-aaral Ayon sa Anyo ng Paggamit***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakagawian na ang paggamit ng balbal sa halos lahat ng anyo ng komunikasyon.* | 4.21 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang pagkakaiba ng epekto ng paggamit ng balbal sa pasalita at pasulat na komunikasyon.* | 4.22 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-pansin ang paggamit ng salitang balbal sa pasulat na anyo (text, chat, social media post).* | 4.15 | 0.81 | Sumasang-ayon |
| *Nakapaglalahad ng damdamin kapag gumagamit ng balbal sa pasalita.* | 4.09 | 0.92 | Sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng maikling post o chat na gamit ang balbal sa angkop na paraan.* | 4.12 | 0.91 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.16 | | |
| *SD* | 0.67 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Mabisa | | |

Batay sa datos, ang kabuuang Weighted Mean na 4.16 at SD na 0.67 ay may berbal na interpretasyong "Mabisa." Ipinapakita nito na kinikilala ng mga mag-aaral ang salitang balbal at ang iba't ibang anyo ng paggamit nito sa komunikasyon, ngunit hindi ito kasing mataas ng pormal na pagpapahayag.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Pinakamataas ang mean na 4.22 sa pahayag na "Natutukoy ang pagkakaiba ng epekto ng paggamit ng balbal sa pasalita at pasulat na komunikasyon", na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon." Ipinapakita nito na may kamalayan ang mga mag-aaral sa epekto ng balbal depende sa paraan ng komunikasyon.

Samantala, ang pahayag na "Nakapaglalahad ng damdamin kapag gumagamit ng balbal sa pasalita" ay may pinakamababang mean na 4.09, na bagaman mababa sa talaan, ay nananatili sa antas na "Sumasang-ayon." Ipinahihiwatig nito na may kaunting pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aaral na ipahayag ang damdamin gamit ang balbal sa pasalita.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng datos na ang salitang balbal ay hindi lamang limitado sa pasalitang usapan kundi lubos na ring nakapasok sa digital at pasulat na plataporma ng mga mag-aaral. Ang mataas na pagsang-ayon sa pagtukoy ng pagkakaiba ng epekto nito sa pasalita at pasulat na anyo ay nagpapatunay na mayroong metalinguistic awareness ang mga mag-aaral; alam nila na ang "vibe" o dating ng balbal ay nagbabago depende sa kung ito ay binibigkas o tina-type. Dahil ang pangkalahatang interpretasyon ay Mabisa, mahihinuha na ang salitang balbal ay nagsisilbing versatile na kagamitan sa komunikasyon. Ito ay nakatutulong sa mga mag-aaral na maging mas ekspresibo sa kanilang damdamin at mas mabilis makipag-ugnayan sa kanilang kapwa sa paraang komportable at natural para sa kanilang henerasyon.

**Talahanayan 9.**

***Antas ng Pagtatasa ng Salitang Balbal ng mga Mag-aaral Ayon sa Konteksto ng Salita***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiaangkop ang paggamit ng salitang balbal sa impormal na usapan.* | 4.33 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napagagaan ang usapan kapag gumamit ng balbal.* | 4.10 | 0.86 | Sumasang-ayon |
| *Napahuhusay ang pagpapahayag kapag gumagamit ng balbal sa tamang konteksto.* | 4.37 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakasasabay sa paggamit ng salitang balbal upang ipakita ang identidad bilang kabataan.* | 4.21 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng maikling diyalogo/dayalogo na gumagamit ng balbal sa tamang impormal na konteksto.* | 4.38 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.28 | | |
| *SD* | 0.57 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Pinakamataas ang mean na 4.33 sa pahayag na "Naiaangkop ang paggamit ng salitang balbal sa impormal na usapan", na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon." Ipinapakita nito na may kamalayan ang mga mag-aaral sa epekto ng balbal depende sa paraan ng komunikasyon.

Pinakamababa naman ang mean na 4.10 sa pahayag na "Napagagaan ang usapan kapag gumamit ng balbal", ngunit nananatili itong nasa antas ng "Sumasang-ayon." Ipinahihiwatig nito na bagaman nakikita nila ang epekto ng balbal sa pagpapapagaan ng usapan, may kaunting pagkakaiba-iba sa pananaw ng mga mag-aaral.

Ipinapakita ng mga datos na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagtukoy ng tamang lunan at pagkakataon para sa paggamit ng salitang balbal. Hindi lamang sila basta-basta gumagamit ng ganitong wika; bagkus, ginagamit nila ito bilang isang estratehikong kagamitan upang makabuo ng mga diyalogo at mapahusay ang kanilang komunikasyon sa mga impormal na setting. Dahil ang pangkalahatang interpretasyon ay Lubhang Mabisa, malinaw na ang salitang balbal ay nagsisilbing mahalagang bahagi ng kanilang social language.

Nakatutulong ito sa pagpapatibay ng kanilang ugnayan sa kapwa kabataan at sa pagpapahayag ng kanilang sariling identidad. Ang mataas na mean sa pagbuo ng diyalogo ay nagpapahiwatig na ang balbal, bagaman impormal, ay nangangailangan pa rin ng kasanayan upang mailapat nang wasto at angkop sa konteksto.

Sa gayon, ang wikang balbal ay nagsisilbing patunay ng dinamismo ng wika at patuloy nitong pag-angkop sa nagbabagong pangangailangan ng komunikasyon.

**Talahanayan 10.**

***Antas ng Pagtatasa ng Salitang Balbal ng mga Mag-aaral yon sa Uri ng Kausap***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naiuugnay ang salitang balbal kapag kausap ang mga kapatid o pinsan.* | 4.30 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapalapit ang loob kapag gumagamit ng balbal sa kaibigang kausap.* | 4.33 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibabagay ang sarili gamit ang salitang balbal sa pakikipag-usap sa mga kaklase o kapwa kabataan* | 4.20 | 0.90 | Sumasang-ayon |
| *Naiaangkop gamitin ang salitang balbal depende sa grupo ng aking kausap.* | 4.24 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang wastong paggamit ng salitang balbal kapag kausap ang mga nakatatanda o guro.* | 4.04 | 1.04 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.22 | | |
| *SD* | 0.62 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Batay sa datos, ang kabuuang Weighted Mean na 4.22 at SD na 0.62 ay may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa." Ipinapakita nito na nakikilala at nauunawaan ng mga mag-aaral kung paano gamitin ang salitang balbal depende sa uri ng kanilang kausap.

Pinakamataas ang mean na 4.33 sa pahayag na "Naipapalapit ang loob kapag gumagamit ng balbal sa kaibigang kausap," na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon."

Ipinapakita nito na epektibo ang balbal sa pagpapalapit ng loob sa kapwa kaibigan.

Pinakamababa naman ang mean na 4.04 sa pahayag na "Naipakikita ang wastong paggamit ng salitang balbal kapag kausap ang mga nakatatanda o guro," na nasa antas pa rin ng "Sumasang-ayon." Ipinapahiwatig nito na may limitadong kasanayan ang ilang mag-aaral sa paggamit ng balbal sa mas pormal o may awtoridad na kausap.

Ang SD na 0.62 ay nagpapakita ng moderate na baryasyon ng pananaw ng mga mag-aaral, na mas mataas kaysa sa pormal na pagpapahayag, na nagpapahiwatig na ang paggamit ng balbal ay higit na nakadepende sa konteksto at uri ng kausap.

Batay sa datos, ang kabuuang Grand Mean na 4.20 at SD na 0.62 ay may berbal na interpretasyong "Mabisa." Ipinapakita nito na sa pangkalahatan, epektibo ang paggamit ng salitang balbal ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto, ngunit hindi ito kasing taas ng antas ng pormal na pagpapahayag.

Ang mga datos ay nagpapatunay na ang salitang balbal ay isang estratehikong bahagi ng kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Ang mataas na marka sa "Konteksto" at "Uri ng Kausap" ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay hindi lamang basta gumagamit ng balbal; mayroon silang mataas na antas ng diskriminasyon o pagpapasya kung kailan at kanino lamang ito dapat gamitin. Dahil ang pangkalahatang interpretasyon ay Mabisa, mahihinuha na ang salitang balbal ay nagsisilbing tulay sa mas malapit at mas mabilis na ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng Grand SD na 0.62 ay nagpapahiwatig na ang mga pananaw ng mga mag-aaral ay nananatiling magkakaugnay, na nagpapatibay sa ideya na ang balbal ay isang buhay at dinamikong aspeto ng kanilang pagkakakilanlan at pakikipagkapwa-tao sa modernong panahon.

**Talahanayan 11.**
***Pinagsamang Talahanayan ng Pagtatasa ng Salitang Balbal ng mga Mag-aaral***

| Mga Salik | Weighted Mean | SD | Berbal naInterpretasyon |
|---|---|---|---|
| Dalas ng Paggamit ng Salita | 4.15 | 0.64 | Mabisa |
| Anyo ng Paggamit | 4.16 | 0.67 | Mabisa |
| Konteksto ng Salita | 4.28 | 0.57 | Lubhang Mabisa |
| Uri ng Kausap | 4.22 | 0.62 | Lubhang Mabisa |
| *Grand Mean* | 4.20 | | |
| *SD* | 0.62 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Mabisa | | |

Sa kabuuan, pinatunayan sa pag-aaral nina Buelow, Barry, at Rich (2018) na ang pagiging interaktibo ng mga talakayan sa loob ng klase, pati na rin sa mga takdang gawain na nakabatay sa mga totoong pangyayari sa buhay, ay nakapagpapataas ng antas ng pagganap at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang aktibong partisipasyon at makabuluhang diskusyon ay mahalagang salik upang mapaunlad ang pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral.

**Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral.**

Ang bahaging ito ay nagbibigay ng introduksyon sa pagsusuri ng Akademikong Pagsulat ng mga mag-aaral. Ang akademikong pagsulat ay isa sa pinakamahalagang kasanayan na dapat malinang sa mataas na antas ng edukasyon, dahil ito ang nagsisilbing pangunahing daluyan ng pagpapalitan ng matalino at masusing impormasyon. Ang layunin ng bahaging ito ay matukoy kung gaano kahusay ang mga mag-aaral sa paglalapat ng kanilang kaalamang pangwika sa isang pormal na lunan. Ang mga datos na inilahad ay magpapakita kung ang kanilang kakayahan ay sapat na upang makabuo ng mga sulating hindi lamang impormatibo, kundi epektibo at mapanghikayat din sa akademikong komunidad.

**Talahanayan 12.**
***Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral Ayon sa Paggamit ng Tamang Bokabularyo***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natatandaan ang mga tamang bokabularyo na nakatutulong sa malinaw na akademikong sulatin.* | 4.47 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiwawasto ang propesyonal na sulatin kapag tama at angkop ang bokabularyo.* | 4.38 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahahalagahan ang pagpili ng tiyak na salita upang maiwasan ang kalabuan ng ideya.* | 4.45 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang wastong bokabularyo sa mataas na antas ng akademikong pagsulat.* | 4.37 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng akademikong sulatin gamit ang tamang at angkop na bokabularyo upang maging malinaw, propesyonal, at epektibo ang mensahe.* | 4.48 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.43 | | |
| *SD* | 0.46 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Batay sa datos, ang kabuuang Weighted Mean na 4.43 at SD na 0.46 ay may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa." Ipinapakita nito na mataas ang antas ng paggamit ng tamang bokabularyo ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagsulat.

Lahat ng pahayag ay may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapakita na kinikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng angkop at tiyak na salita upang maging malinaw, propesyonal, at epektibo ang kanilang sulatin. Pinakamataas ang mean na 4.48 sa pahayag na "Nakalilikha ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

akademikong sulatin gamit ang tamang at angkop na bokabularyo upang maging malinaw, propesyonal, at epektibo ang mensahe", na nagpapakita ng mataas na kamalayan ng mga mag-aaral sa praktikal na aplikasyon ng tamang bokabularyo.

Pinakamababa naman ang mean na 4.37 sa pahayag na "Naipakikita ang wastong bokabularyo sa mataas na antas ng akademikong pagsulat", ngunit nananatili pa rin itong mataas at may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon."

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay may mataas na lexical competence o kasanayan sa pagpili ng mga salitang akademikong nararapat sa kanilang mga sulatin. Kinikilala nila na ang paggamit ng tamang bokabularyo ay hindi lamang para magmukhang matalino ang sulatin, kundi upang maging mas malinaw at propesyonal ang paghahatid ng mensahe. Dahil ang pangkalahatang interpretasyon ay Lubhang Mabisa, mahihinuha na ang mga mag-aaral ay handa sa mga hamon ng pagsulat ng mga pormal na papel at pananaliksik. Ang mababang SD (0.46) ay nagpapahiwatig na mayroong matatag at kolektibong pag-unawa ang mga mag-aaral na ang pundasyon ng isang epektibong akademikong sulatin ay nagsisimula sa masusi at tamang pagpili ng mga salitang gagamitin.

**Talahanayan 13.**

***Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral Ayon sa Kaayusan ng Estruktura ng Sulatin***

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nakasusulat ng isang sulatin na may malinaw na hati sa panimula, katawan, at wakas.* | 4.49 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang maayos na estruktura ng sulatin sa malinaw na pag-unawa ng mambabasa.* | 4.38 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaangat sa kalidad ng sulatin ang paggamit ng organisadong estruktura.* | 4.38 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napagsusunod-sunod ang mga ideya ng sulatin sa lohikal at sistematikong pamamaraan.* | 4.33 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapalakas ng bisa ang maayos na estruktura sa akademikong sulatin.* | 4.39 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.39 | | |
| *SD* | 0.47 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

. Batay sa datos, ang kabuuang Weighted Mean na 4.39 at SD na 0.47 ay may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa." Ipinapakita nito na mataas ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng akademikong sulatin na may malinaw at maayos na estruktura.

Lahat ng pahayag ay may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapahiwatig na kinikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng malinaw na panimula, katawan, at wakas, pati na rin ng lohikal at sistematikong pagkakasunod-sunod ng ideya, sa pagpapabuti ng kalidad ng sulatin at pag-unawa ng mambabasa.

Pinakamataas ang mean na 4.49 sa pahayag na "Nakasusulat ng isang sulatin na may malinaw na hati sa panimula, katawan, at wakas", na nagpapakita ng mataas na kasanayan ng mga mag-aaral sa organisadong pagpapahayag ng kanilang ideya.

Pinakamababa naman ang mean na 4.33 sa pahayag na "Napagsusunod-sunod ang mga ideya ng sulatin sa lohikal at sistematikong pamamaraan", ngunit nananatili pa rin itong mataas at may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon."

Sa pangkalahatan, ang mga datos ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may mataas na structural competence. Ang pagkakaroon ng malinaw na dibisyon sa panimula, katawan, at wakas ay pundamental na kasanayan na nagbibigay-daan sa isang lohikal at madaling sundang argumento. Dahil ang pangkalahatang interpretasyon ay Lubhang Mabisa, masasabing ang mga mag-aaral ay hindi nahihirapang mag-organisa ng kanilang mga kaisipan. Ang mababang SD (0.47) ay nagpapakita rin ng pagkakaisa sa kanilang tugon, na nagpapatunay na ang sistemadong pamamaraan ng pagsulat ay isang nakagawiang kasanayan na sa loob ng kanilang akademikong kapaligiran. Nakatutulong ang ganitong kaayusan upang mas maging epektibo ang paghahatid ng impormasyon at mas mapataas ang kredibilidad ng kanilang mga akademikong output.

**Talahanayan 14.**

***Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral Ayon sa Paggamit ng Pormal na Estilo***

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naiuugnay ang pormal na estilo sa angkop na sulatin para sa pang-akademiko.* | 4.53 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng bisa sa pag-unawa ang paggamit ng impormal na salita.* | 4.47 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapag-aambag ang pagpili ng mga salitang may mataas na antas sa pagiging pormal ng sulatin.* | 4.34 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang propesyonalismo sa akademikong sulatin gamit ang pormal na Estilo.* | 4.43 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-diin ang kredibilidad ng may-akda kapag pormal na estilo ang ginamit.* | 4.44 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.44 | | |
| *SD* | 0.44 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Batay sa datos, ang kabuuang Weighted Mean na 4.44 at SD na 0.44 ay may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa." Ipinapakita nito na mataas ang antas ng paggamit ng pormal na estilo sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

Lahat ng pahayag ay may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapahiwatig ng matibay na paniniwala ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng pormal na estilo sa pagpapalinaw ng mensahe, pagpapakita ng propesyonalismo, at pagpapalakas ng kredibilidad ng may-akda.

Pinakamataas ang mean na 4.53 sa pahayag na "Naiuugnay ang pormal na estilo sa angkop na sulatin para sa pang-akademiko", na nagpapakita na malinaw sa mga mag-aaral kung kailan at paano gamitin ang pormal na estilo sa akademikong sulatin.

Pinakamababa naman ang mean na 4.34 sa pahayag na "Nakapag-aambag ang pagpili ng mga salitang may mataas na antas sa pagiging pormal ng sulatin", ngunit nananatili pa rin sa mataas na antas at may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon." Ang SD na 0.44 ay mababa, na nagpapahiwatig ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng pormal na estilo sa kanilang akademikong sulatin.

Ang pormal na estilo sa pagsulat ay itinuturing na mahalagang aspekto ng akademikong komunikasyon. Kaya naman pinatunayan ito sa pag-aaral nina Hernandez at Cruz (2025), sinuri ang epekto ng paggamit ng pormal na estilo sa akademikong tagumpay ng mga senior high school learners. Ipinakita sa resulta na ang mga mag-aaral na sistematikong nabigyan ng sapat na pagsasanay sa pormal na estilo ay nagpakita ng mas mataas na antas ng kakayahan sa akademikong pagsulat at nakakuha ng mas mataas na marka sa mga pagsusuri.

Batay sa datos, ang kabuuang Weighted Mean na 4.44 at SD na 0.43 ay may berbal na interpretasyong "Lubhang Mabisa." Ipinapakita nito na mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa lohikal na pagbuo ng ideya sa kanilang akademikong sulatin.

Lahat ng pahayag ay may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapakita ng malakas na pagkilala ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng malinaw at lohikal na pagkakasunod-sunod ng ideya upang maging epektibo ang sulatin.Pinakamataas ang mean na 4.51 sa pahayag na "Nailalatag ang mga ideya sa sulatin nang malinaw at lohikal", na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may mataas na kasanayan sa organisasyon ng kanilang mga ideya sa akademikong sulatin.

***Talahanayan 15.***
***Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral Ayon sa Kalidad ng Lohikal na Pagbuo ng Ideya***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nailalatag ang mga ideya sa sulatin nang malinaw at lohikal.* | 4.51 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napagsusunod-sunod nang maayos ang mga pahayag na makakaugnay sa daloy ng kaisipan.* | 4.42 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahuhusay ng lohikal na pagkakasunod-sunod ng ideya ang pag-unawa sa sulatin.* | 4.36 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napatutunayang may sapat na batayan at suporta ang pangunahing ideya ang mga argumentong pahayag.* | 4.45 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng maayos at lohikal na ideya upang pataasin ang kalidad ng akademikong sulatin.* | 4.45 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.44 | | |
| *SD* | 0.43 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Pinakamababa naman ang mean na 4.36 sa pahayag na "Napahuhusay ng lohikal na pagkakasunod-sunod ng ideya ang pag-unawa sa sulatin", ngunit nananatili pa rin sa mataas na antas at may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon."

Ang SD na 0.43 ay mababa, na nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pananaw ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng lohikal na pagbuo ng ideya.

**Talahanayan 16.**
***Antas ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral Ayon sa Pormalidad ng Sulatin***

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *NaiIalapat ang pormal na pananalita sa pagsulat ng sulatin na naaayon sa akademikong konteksto.* | 4.63 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napatitibay ng tamang antas ng pormalidad ang bisa at linaw sa akademikong pagsulat.* | 4.38 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napipili ang wasto at pormal na salita upang makatutulong maiwasan ang kalabuan ng ideya.* | 4.33 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napahahalagahan ang kerdibilidad ng may-akda sa pormalidad ng sulatin.* | 4.56 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasasalamin ang mataas na antas ng pormalidad ng sulatin sa kalidad ng akademikong pagsulat.* | 4.44 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.47 | | |
| *SD* | 0.38 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang pahayag na "Naiialapat ang pormal na pananalita sa pagsulat ng sulatin na naaayon sa akademikong konteksto" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.63 (SD = 0.53). Sinundan ito ng pagpapahalaga sa kredibilidad ng may-akda sa pormalidad ng sulatin (Mean = 4.56). Ang parehong aytem ay may punang "Lubos na sumasang-ayon." Lahat ng mga pahayag ay nakatanggap ng interpretasyong "Lubos na sumasang-ayon." Ipinapakita nito na mulat ang mga mag-aaral na ang mataas na antas ng pormalidad (Mean = 4.44) ay direktang nasasalamin sa kalidad ng kanilang akademikong pagsulat, at ito ay nagsisilbing pundasyon upang maiwasan ang kalabuan ng mga ideya. Ang nakuha nating Weighted Mean na 4.47 (SD = 0.38) ay nagpapatunay na ang antas ng akademikong pagsulat ayon sa pormalidad ay Lubhang Mabisa.

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may napakataas na antas ng disiplina pagdating sa pagpapanatili ng pormalidad sa kanilang mga sulatin. Ang pagiging "Lubhang Mabisa" ng salik na ito ay indikasyon na ang mga mag-aaral ay hindi lamang marunong sumulat, kundi marunong sumulat para sa isang espesipikong akademikong madla na nangangailangan ng seryoso at pormal na tono. Ang napakababang Standard Deviation (0.38) ay nagpapatunay na halos lahat ng mga kalahok ay may nagkakaisang pananaw at kasanayan sa aspetong ito. Ipinahihiwatig nito na ang pormalidad ay hindi lamang isang opsyon para sa mga mag-aaral, kundi isang pamantayang kasanayan na kanilang pinahahalagahan upang mapatibay ang kanilang kredibilidad at ang bisa ng kanilang mensahe sa loob ng akademikong komunidad.

**Talahanayan 17.**
***Pinagsamang Talahanayan ng Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral***

| ***Mga Salik*** | ***Weighted Mean*** | ***SD*** | ***Berbal naInterpretasyon*** |
|---|---|---|---|
| Paggamit ng Tamang Bokabularyo | 4.43 | 0.46 | Lubhang Mabisa |
| Kaayusan ng Estruktura ng Sulatin | 4.39 | 0.47 | Lubhang Mabisa |
| Paggamit ng Pormal na Estilo | 4.44 | 0.44 | Lubhang Mabisa |
| Kalidad ng Lohikal na Pagbuo ng Ideya | 4.44 | 0.43 | |
| Pormalidad ng Sulatin | 4.47 | 0.38 | Lubhang Mabisa |
| *Grand Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.43<br>0.43<br>Lubhang Mabisa | | |

Ang Talahanayan 17 ay nagpapakita ng kabuuang resulta ng pagtatasa sa kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Pinagsasama nito ang limang (5) mahahalagang salik: Bokabularyo, Estruktura, Estilo, Lohikal na Pagbuo ng Ideya, at Pormalidad.

Ang salik ng Pormalidad ng Sulatin ang nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.47 (SD = 0.38). Sinundan ito ng Paggamit ng Pormal na Estilo at Kalidad ng Lohikal na Pagbuo ng Ideya na parehong may mean na 4.44. Ipinapakita nito na ang pinakamalakas na pundasyon ng mga mag-aaral sa pagsulat ay ang kanilang kakayahang panatilihin ang seryosong tono at lohika ng kanilang mga argumento. Lahat ng salik ay nagtamo ng interpretasyong "Lubhang Mabisa." Ang maliit na agwat sa pagitan ng mga weighted mean (mula 4.39 hanggang 4.47) ay nagpapatunay na ang mga kasanayang ito ay sabay-sabay na naisasagawa ng mga mag-aaral nang may mataas na antas ng kahusayan. Ang nakuha nating Grand Mean na 4.43 (SD = 0.43) ay nagpapatunay na ang kabuuang antas ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral ay Lubhang Mabisa.

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng ganap na kasanayan (mastery) sa akademikong pagsulat. Ang resultang "Lubhang Mabisa" sa lahat ng kategorya ay isang indikasyon na ang mga mag-aaral ay hindi lamang sumusunod sa mga teknikal na tuntunin, kundi naiintindihan din nila ang kahalagahan ng bawat salik upang makabuo ng isang de-kalidad na sulatin.

Ang mababang Grand SD na 0.43 ay nagpapahiwatig na ang ganitong kahusayan ay laganap at pare-pareho sa hanay ng mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral. Ang pagkakaroon ng balanseng kasanayan sa bokabularyo, estruktura, at pormalidad ay naghahanda sa mga mag-aaral para sa mas mataas na antas ng pananaliksik at propesyonal na pagsulat sa hinaharap. Ang pagkakatugma ng mga datos na ito ay nagpapatunay na ang akademikong pagsulat ay isa sa mga pinakamatibay na aspeto ng kanilang kasanayang pangwika.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pasulat na Pagsusulit**

Ang bahaging ito ay naglalayong ipakita ang aktwal na resulta ng Pasulat na Pagsusulit ng mga mag-aaral. Ang pagsusulit na ito ay nagsisilbing mahalagang indikasyon kung hanggang saan ang naabot na kaalaman at kasanayan ng mga kalahok matapos ang proseso ng pagkatuto.

Ang layunin ng bahaging ito ay magbigay ng obhetibong datos na magpapatunay kung ang mga teoretikal na kaalaman sa wika at pagsulat ay matagumpay na naisalin sa praktikal na kasanayan sa pamamagitan ng isang pormal na ebalwasyon.

**Talahanayan 18.**
***Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pasulat na Pagsusulit***

| **Puntos** | ***Pagsusulit*** | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | **f** | **%** | |
| 90 - 100 | 4 | *4.00* | Outstanding |
| 85 - 89 | 39 | *39.00* | Very Satisfactory |
| 80 - 84 | 29 | *29.00* | Satisfactory |
| 75 - 79 | 18 | *18.00* | Fairly Satisfactory |
| Below 75 | 10 | *10.00* | Did Not Meet Expectation |
| Total | 100 | *100* | |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | *90.36*<br>*9.79*<br>*Outstanding* | | |

Ang Talahanayan 18 ay nagpapakita ng distribusyon ng mga puntos na nakuha ng isang daang (100) mag-aaral sa pasulat na pagsusulit. Ang datos na ito ay nagsisilbing kongkretong sukatan ng kanilang kaalaman at kasanayan pagdating sa mga paksang tinalakay. Ang pinakamalaking pangkat ng mga mag-aaral, na binubuo ng 39 (39%), ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

nakakuha ng puntos na 85 - 89, na may paglalarawang "Very Satisfactory." Sinundan ito ng 29 (29%) na mag-aaral na nasa kategoryang "Satisfactory" (80 - 84). Ipinapakita nito na ang mayorya ng mga kalahok ay may mataas na antas ng pag-unawa sa pagsusulit.

Mayroong 4 (4%) na mag-aaral na nakakuha ng pinakamataas na marka na 90 - 100 ("Outstanding"). Sa kabilang banda, may 10 (10%) na mag-aaral na nakakuha ng puntos na mababa sa 75, na nangangahulugang "Did Not Meet Expectation." Gayunpaman, ang kabuuang bilang ng mga pumasa (90%) ay higit na mataas kumpara sa mga hindi nakakaabot sa pamantayan. Ang nakuha nating Weighted Mean na 90.36 (SD = 9.79) ay nagpapatunay na ang pangkalahatang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pasulat na pagsusulit ay Outstanding.

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapakita ng isang positibong kinalabasan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng Weighted Mean na 90.36 ay isang indikasyon na ang mga estratehiyang ginamit sa pagtuturo at ang kakayahan ng mga mag-aaral na sumipsip ng impormasyon ay naging epektibo. Ang interpretasyong "Outstanding" ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay hindi lamang pamilyar sa mga konsepto, kundi master na nila ang mga kasanayang kinakailangan sa pasulat na pagsusulit. Bagaman may maliit na porsyento (10%) na nangangailangan pa ng karagdagang tulong o intervention, ang pangkalahatang resulta ay nagpapakita ng kahandaan at kahusayan ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong tatahakin. Ang Standard Deviation (SD) na 9.79 ay nagpapahiwatig ng bahagyang pagkakaiba-iba ng mga puntos, ngunit hindi ito sapat upang hatakin pababa ang mataas na antas ng tagumpay ng buong pangkat.Ipinapakita nito na ang kabuuang pagganap ng mga mag-aaral sa pasulat na pagsusulit ay napakataas at higit sa inaasahang pamantayan.

**Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Akademikong Pagsulat**

Ang bahaging ito ay mahalaga dahil ipinapakita nito kung may ugnayan ba ang pananaw ng mga mag-aaral sa pormal at impormal (balbal) na wika sa kanilang aktwal na kasanayan sa akademikong pagsulat. Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Akademikong Pagsulat ayon sa Paggamit ng Tamang Bokabularyo, Kaayusan ng Estruktura ng Sulatin, Paggamit ng Pormal na Estilo, Kalidad ng Lohikal na Pagbuo ng Ideya, at Pormalidad ng Sulatin, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.Ang pagsusuri gamit ang Pearson Product Moment Correlation Coefficient ay nagpapakita na mayroong positibo at makabuluhang ugnayan ang mga antas ng wika sa kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Sa aspeto ng Pormal na Pagpapahayag, ang kaayusan ng gramatika ay lumabas na may pinakamalakas na ugnayan sa lohikal na pagbuo ng ideya (0.647) at paggamit ng tamang bokabularyo (0.644). Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral na bihasa sa pormal na tuntunin ng wika ay mas epektibo sa pagbuo ng mga akademikong sulatin. Gayundin, ang antas ng pormalidad ay may mahalagang papel sa pagbuo ng maayos na estruktura ng sulatin (0.626), na nagpapatunay na ang pag-unawa sa pormal na tono ay pundasyon ng isang papel.

**Talahanayan 19.**
***Makabuluhang Kaugnayan ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Akademikong Pagsulat***

| *Salitang Balbal* | | Paggamit ng Tamang Bokabularyo | Kaayusan ng Estruktura ng Sulatin | Paggamit ng Pormal na Estilo | Kalidad ng Lohikal na Pagbuo ng Ideya | Pormalidad ng Sulatin |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kalinawan ng Ideya | Pearson Correlation | .587** | .510 | .509** | .577** | .481** |
| | Sig. (2-tailed) | .005 | .075 | .004 | .002 | .000 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Kaayusan ng Gramatika | Pearson Correlation | .644** | .581** | .551** | .647** | .515** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .010 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Antas ng Pormalidad | Pearson Correlation | .492** | .626** | .565** | .548** | .492** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .006 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Kahusayan sa Pakikipagtalastasan | Pearson Correlation | .672 | .606 | .655 | .615 | .664** |
| | Sig. (2-tailed) | .135 | .500 | .080 | .107 | .014 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Pag-unawa sa Pagpapahayag | Pearson Correlation | .677 | .535 | .585 | .603 | .658 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Sig. (2-tailed) | .456 | .195 | .347 | .380 | .114 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Dalas ng Paggamit ng Salita | Pearson Correlation | .458** | .450** | .423** | .406** | .405** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Anyo ng Paggamit | Pearson Correlation | .499** | .512** | .473** | .500** | .453** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Konteksto ng Salita | Pearson Correlation | .463** | .492** | .433** | .466** | .410** |
| | Sig. (2-tailed) | .003 | .002 | .002 | .002 | .000 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| Uri ng Kausap | Pearson Correlation | .475** | .519** | .461** | .478** | .401** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .002 | .000 | .000 | .000 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |

Bagaman mataas ang antas ng kahusayan sa pakikipagtalastasan, ang kawalan ng makabuluhang p-value sa ilang aspeto nito ay nagpapahiwatig na ang galing sa pagsasalita ay hindi laging awtomatikong nagsasalin sa teknikal na kahusayan sa pagsulat.

Sa kabilang banda, ang pagsusuri sa Salitang Balbal ay nagbigay ng sorpresang kinalabasan kung saan lahat ng salik nito—dalas, anyo, konteksto, at uri ng kausap—ay nagpakita ng positibo at makabuluhang kaugnayan sa lahat ng aspeto ng akademikong pagsulat. Ang mga korelasyon na nasa pagitan ng 0.401 hanggang 0.519 ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral na may mataas na linguistic flexibility o kakayahang magsuri ng impormal na wika ay mayroon ding kakayahang iangkop ang kanilang sarili sa pormal na pagsulat. Partikular na kapansin-pansin ang ugnayan ng uri ng kausap sa kaayusan ng estruktura (0.519), na nagpapakita na ang kamalayan sa kung sino ang pinaglalaanan ng mensahe ay nakatutulong sa lohikal na pag-oorganisa ng kaisipa

Bilang sintesis, pinatutunayan ng mga datos na ang pormal na wika ang nagsisilbing matibay na pundasyon para sa kalidad ng akademikong output, habang ang pag-unawa sa salitang balbal ay nagsisilbing indikasyon ng malawak na bokabularyo at kakayahang umangkop sa iba't ibang konteksto. Dahil dito, tinatanggihan ang null hypothesis sa pag-aaral na ito. Ang kabuuang
resulta ay nagpapakita na ang isang mag-aaral na mulat sa iba't ibang antas ng wika—mula sa pinakapormal hanggang sa pinaka-impormal—ay nagtataglay ng mas mahusay, mas lohikal, at mas epektibong kasanayan sa akademikong pagsulat.Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Kalinawan ng Ideya, Kaayusan ng Gramatika, Antas ng Pormalidad, ng Pagpapahayag at Akademikong Pagsulat, ($r$(99) $p$ < .05), at mayroon din makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Salitang Balbal at Akademikong Pagsulat na may magandang kaugaliang makamit ($r$(99) $p$ < .01). Ito ay nagpapahiwatig na ang madalas na Pagpapalihan at Paglalapat na Kalinawan ng Ideya, Kaayusan ng Gramatika, Antas ng Pormalidad, ng Pagpapahayag at Salitang Balbal ay nagpapakita ng pagtaas ng Pagtatasa. At ito ay nagpapakita ng ugnayan ng mas mabuting Akademikong Pagsulat.

Habang walang nakitang istatistikang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Kahusayan sa Pakikipagtalastasan, Pag-unawa sa Pagpapahayag at Akademikong Pagsulat ($r$(99) $p$ > .05 Ito ay nagpapahiwatig na sa loob ng grupong ito, ang Kahusayan sa Pakikipagtalastasan, Pag-unawa sa Pagpapahayag ng Pormal na Pagpapahayag ay hindi makabuluhang hinulaan ang Akademikong Pagsulat, at ito ay salungat sa ilang anecdotal na inaasahan.

Makikita rin na ang akademikong pagsulat ay hindi lamang nakatuon sa gramatika kundi sa mas malawak na paggamit ng wika at organisasyon ng ideya.

**Pagsusuri ng paghahambing sa Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Ang Talahanayan 19 ay nagpapakita ng resulta ng Analysis of Variance (ANOVA) upang matukoy kung may makabuluhang epekto ang pinagsamang pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa pagganap ng mga mag-aaral.Pangunahing Resulta ng ANOVA: Batay sa istatistikang pagsusuri, ang nakuha nating $F$-value ay 2.723 na may katumbas na $p$-value na .007. Dahil ang $p$-value (.007) ay mas mababa sa itinakdang significance level na .05, ito ay nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang epekto (significant effect) ang pagtatasa ng wika sa pagganap ng mga mag-aaral.Distribusyon ng Datos: Ang Mean ($M$) para sa mga salik ng wika ay 4.28 na may Standard Deviation ($SD$) na 0.55. Ang mababang $SD$ ay nagpapakita na ang mga sagot ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang kasanayang pangwika ay hindi nagkakalayo, habang ang mataas na mean ay

nagpapatunay ng kanilang positibong pagtatasa sa sariling kakayahan.

Residual at Total: Ang Residual o error term na may $MS$ na 37.62 ay nagpapakita ng iba pang mga salik na hindi saklaw ng pag-aaral na maaaring makaapekto sa pagganap, ngunit ang kabuuang $SS$ na 4307 ay nagpapatibay sa bigat ng relasyon ng mga pangunahing baryabol. Para matukoy ang makabuluhang epekto ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Pagganap ng mga Mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na Real Statistics Data Analysis Tools sa pamamagitan ng Analysis of Variance.

Ang Talahanayan 19 ay nagpapakita ng resulta ng Analysis of Variance (ANOVA) upang matukoy kung may makabuluhang epekto ang pinagsamang pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa pagganap ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 20.**
***Makabuluhang epekto ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Pagganap ng mga Mag-aaral***

| Source | *df* | *SS* | *MS* | *F* | *p* | *M* | *SD* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| *Pagpapahayag at Salitang Balbal* | 9 | 922 | 102.4 | 2.723 | .007 | 4.28 | 0.55 |
| Residual | 90 | 3385 | 37.62 | | | 31.69 | 6.60 |
| Total | 99 | 4307 | | | | | |

*Note: M* = Mean; *SD* = Standard Deviation, $p < .05$

Batay sa istatistikang pagsusuri, ang nakuha nating F-value ay 2.723 na may katumbas na p-value na .007. Dahil ang p-value (.007) ay mas mababa sa itinakdang significance level na 0.05, ito ay nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang epekto (significant effect) ang pagtatasa ng wika sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang Mean ($M$) para sa mga salik ng wika ay 4.28 na may Standard Deviation ($SD$) na 0.55. Ang mababang $SD$ ay nagpapakita na ang mga sagot ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang kasanayang pangwika ay hindi nagkakalayo, habang ang mataas na mean ay nagpapatunay ng kanilang positibong pagtatasa sa sariling kakayahan. Ang Residual o error term na may $MS$ na 37.62 ay nagpapakita ng iba pang mga salik na hindi saklaw ng pag-aaral na maaaring makaapekto sa pagganap, ngunit ang kabuuang $SS$ na 4307 ay nagpapatibay sa bigat ng relasyon ng mga pangunahing baryabol.

Sa kabuuan, ang resulta ng ANOVA ay nagpapatunay na ang Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal ay hindi lamang simpleng mga konsepto ng pakikipag-usap, kundi mga mahahalagang salik na nakakaapekto sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ang pagiging significant ng resulta ($p < 0.05$) ay nangangahulugang ang antas ng kasanayan ng mag-aaral sa paggamit ng pormal na wika at ang kanilang kritikal na kamalayan sa salitang balbal ay nagdidikta sa kanilang kakayahang makakuha ng mataas na marka. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral na mahusay magbalanse ng dalawang antas ng wika ay nagtataglay ng mas mataas na cognitive flexibility na kailangan sa pagsasagawa ng mga akademikong gawain at pagsusulit.Samakatuwid, ang pagpapaunlad sa kakayahang pangkomunikasyon—pormal man o impormal—ay isang epektibong paraan upang mapataas ang pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral sa paaralan. Dahil dito, ang null hypothesis na nagsasabing walang makabuluhang epekto ang mga nasabing baryabol ay tinatanggihan. Ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng walang pagkakaiba sa Pagganap ng mga Mag-aaral $F(9, 90) = 2.723$, $p = .007$. Ito ay nagpapahiwatig na ang Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal ay may epekto sa Pagganap ng mga Mag-aaral. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* ($M = 31.69$, $SD = 6.60$) ay hindi gaanong nagkakaiba ($p = .007$).

Sa kabuuan, lumalabas na ang kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit at makapag-iba ng pormal at impormal na wika ay may mahalagang papel sa kanilang tagumpay sa akademikong gawain. Dahil dito, tinatanggihan ang null hypothesis na nagsasabing walang makabuluhang epekto ang mga nasabing baryabol. Ang resulta ay sumusuporta sa mga naunang pag-aaral na nagsasabing ang kahusayan sa wika ay mahalaga sa paglinang ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Akademikong Pagsulat. Kaya ang haypoteses na walang makabuluhang kaugnayan ang Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Akademikong Pagsulat ay hindi tinatanggap. Samakatwid, ang resulta ay nagsisilbing batayan upang mapalakas ang pagtuturo ng pormal na pagpapahayag bilang bahagi ng pagpapahusay sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. napag-alaman na ang mataas na antas ng pormal na pagpapahayag ay may positibong kontribusyon sa paglinang ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Nagpapatunay rin na ang kasanayan sa organisado at malinaw na pagpapahayag ay mahalagang salik sa pagbuo ng de-kalidad na sulatin.

2. Mayroong makabuluhang epekto ang Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Pagganap ng mga Mag-aaral. Kaya ang haypoteses na walang makabuluhang epekto ang Pagtatasa ng Pormal na Pagpapahayag at Salitang Balbal sa Pagganap ng mga Mag-aaral ay hindi tinatanggap. Sa kadahilanang ito ay nagpapakita na ang kasanayan sa wika ay may direktang impluwensiya sa kanilang akademikong resulta. Gayunpaman, hindi lahat ng dimensiyon ng pormal na pagpapahayag ay may tuwirang kakayahang makapaghula sa antas ng akademikong pagsulat, na nagpapahiwatig na may iba pang baryabol na maaaring nakaaapekto sa nasabing kasanayan.

**Rekomendasyon**

Batay sa konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang sumusunod:

1. Iminumungkahi sa mga mag-aaral na patuloy na hasain ang kakayahan sa paggamit ng pormal na wika sa

akademikong konteksto habang pinananatili ang kamalayan sa wastong pag-aangkop ng impormal na wika.

2. Inirerekomenda sa mga Guro ng Filipino at Wika na kinakailangang palakasin ang pagtuturo ng kalinawan ng ideya, wastong gramatika, at pormalidad sa akademikong pagsulat. Isama sa talakayan ang sosyolingguwistikong pag-unawa sa paggamit ng balbal upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-aangkop ng rehistro ng wika.

3. Ipinapanukala sa mga Paaralan na mahalagang isaalang-alang ang integrasyon ng mga gawaing magpapalinang sa parehong pormal at impormal na kasanayan sa wika upang mapalawak ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral.

4. Sa mga Susunod na Mananaliksik inirerekomenda ang pagsasagawa ng mas malawak na pag-aaral na may mas malaking populasyon at iba pang baryabol tulad ng reading comprehension, language exposure, at socio-cultural factors upang higit pang mapagtibay ang resulta ng pag-aaral.

## SANGGUNIAN

*Komisyon sa Wikang Filipino. (2016). Atlas ng mga wika ng Filipinas. Komisyon sa Wikang Filipino.*

*Mijares, Christine Angel G., et al. (2024). The Usage of Cyber Slang and the Academic Writing Behavior among College Students in a Private Higher Educational Institution. Unpublished thesis/manuscript, Philippines.*